



Philippine Normal University
The National Center for Teacher Education

Policy Brief Series

A Special Series on Policy Research | Issue 2 | 2020

Papaano nakatutulong ang musikang makabayan sa paghubog ng nasyonalismo at pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino?

How does nationalistic songs contribute in instilling nationalism and promoting Filipino Psychology?



Ang policy brief na ito ay nagtatangkang patunayan na ang paggamit ng mga musikang makabayan ay isang mabisang estilo upang pukawin ang atensyon ng mga mag-aaral at magamit na lunsaran sa pagpapakilala ng Sikolohiyang Pilipino sa pagtuturo ng wika at panitikan. Layunin ng pananaliksik na kilalanin ang mga musikang makabayan na magagamit sa pagtuturo at palalimin ang pagsusuri sa mga isyung panlipunan gamit ang perspektiba ng Sikolohiyang Pilipino.

This policy brief outlines the potential use of nationalistic songs as motivation in the teaching of language and literature. It also describes the use of Filipino Psychology in critically analyzing nationalistic songs, which in turn will deepen the awareness of Filipino students on socio-political issues.

Maituturing na makabayan ang isang awit kung ito ay tumatalakay sa mga isyung panlipunan at nagtataguyod ng malasakit sa ating bayan. Kabilang sa mga awit na ito ay ang 'Bayan Ko' na nalikha noon pang 1929 ngunit patuloy na



For further information, please contact:
Educational Policy Research and Development Center (EPRDC)
T: 317-1768 loc 751 | E: eprdc@pnu.edu.ph | W: www.pnuresearchportal.org

inaawit sa mga kilos-protesta at mga makabayang programa. Sa panahong ito ng globalisasyon at pagbabagong bitbit ng *social media* sa pananaw at ugali ng kasalukuyang henerasyon ng mga kabataan, nagiging mahirap para sa mga guro ang pagtuturo ng wika at panitikan ng ating lahi. Sa dami ng mga nauusong laro, *gadgets* at iba pang teknolohiya, ang atensyon ng mga mag-aaral upang seryosohin ang pag-aaral ng Filipino at Araling Panlipunan ay hindi nagiging madali para sa mga guro. Kung kaya ang paggamit ng mga musikang makabayan ay isang mabisang estilo upang pukawin ang atensyon ng mga mag-aaral at magamit na lunsaran sa pagpapakilala ng Sikolohiyang Pilipino sa pagtuturo ng wika at panitikan. Layunin ng pananaliksik na kilalanin ang mga musikang makabayan na magagamit sa pagtuturo at palalimin ang pagsusuri sa mga isyung panlipunan gamit ang perspektiba ng Sikolohiyang Pilipino.

Nagsilbing behikulo rin ang pananaliksik upang masukat ang kaalaman ng mga guro sa paggamit ng musikang makabayan sa kanilang pagtuturo sa pamamagitan ng sarbey at panayam. Ang espasyong natuklasan ng pag-aaral ang inaasahang pampuno upang mapabuti at mapaunlad ang pagtuturo ng wika at panitikan gamit ang mga musikang makabayan bilang lunsaran ng Sikolohiyang Pilipino.

Ang Sikolohiyang Pilipino ay masasalamain sa mga makabayang awit na nagtataguyod ng mga kaisipan at saloobin ng ating lahi. Sa sarbey na isinagawa, napatunayan na marami pa ring guro ang kulang ang kaalaman sa mga awiting makabayan dahil ang mga ito ay kalimitang napapakinggan sa *mainstream* na radyo. Ganun pa man, maraming nalikhang makabayang awit sa Pilipinas magmula pa noong dekada '80 hanggang sa kasalukuyan na epektibong magagamit sa pagtuturo ng wika at panitikan sa elementarya hanggang sa hayskul. Ang kurikulum ng K-12 na ipinapatupad na sa ngayon ay may tuon sa pagsasagawa ng mga *performance tasks* na maaaring gamitan ng mga musikang nagtataglay ng nasyonalismo tulad ng mga awitin nina Paul Galang, Noel Cabangon, Mike Hanopol, Joey Ayala, Gary Granada, Freddie Aguilar, Lolita Carbon, Heber Bartolome, at marami pang iba.

Karaniwang nagagamit ang mga makabayang musika sa paggaganyak, talakayan at sa dulo ng aralin na kinatatampukan ng pagpapahalaga o *valuing*. Pinatunayan ng mga gurong nakapanayam na ang paggamit ng musika ay nakapupukaw sa atensyon ng mga mag-aaral at nakatutulong upang higit nilang maunawaan at matandaan ang mahahalagang konsepto sa pagtuturo ng wika at panitikan. Nagagamit rin ang mga awit sa pagsasagawa ng mga *performance tasks* at nakatutulong upang matalakay ang mga isyung may kinalaman sa pulitika, pangangalaga sa kalikasan at pagmamahal sa bayan.

Ang pagtatangkang buuin ang ating bansa gamit ang musikang makabayan ay epektibong maging estatehiya sa pagtuturo ng *Values Education*, Filipino at Araling Panlipunan upang tiyaking may kontra-propaganda ang mga guro laban sa pangkulturang pananakop ng mga dayuhan sa diwa at kamalayan ng mga mag-aaral na *millennials* at *gen z* sa kasalukuyang panahon. Nasa kamay ng mga guro ang pagtatangkang iligtas ang ating bayan sa makabagong paraan ng pananakop na bitbit ng *Internet* at iba pang midyum ng komunikasyon.

Batay sa pagsusuri sa mga tugon ng mga guro at mag-aaral sa isinagawang sarbey, napatunayang ang paggamit ng musikang makabayan sa pagtuturo ay nakatutulong upang maisulong ang Sikolohiyang Pilipino. Mabisang instrumento ang musikang makabayan upang mahubog sa mga mag-aaral ang malasakit sa bayan at makilala nila ang pagkataong Pilipino. Ngunit limitado pa rin ang kaalaman ng mga guro sa pampublikong paaralan sa konsepto ng Sikolohiyang Pilipino at maging sa mga makabayang awit na kanilang magagamit kung kaya mahalagang salik ito na dapat pagtuunan ng pansin ng mga susunod na pananaliksik.

Matapos ang pananaliksik ay ipinapanukala ang mga sumusunod:

1. Makapagsagawa ng seminar upang lalong maunawaan ng mga guro ang Sikolohiyang Pilipino.
2. Magkaroon ng malalim na kampanya upang makilala pa ng mga guro ang musikang makabayan na magagamit sa pagtuturo.
3. Magkaroon ng mas malalim pang pag-aaral kung papaano mapalalaganap ang Sikolohiyang Pilipino sa kurikulum ng K-12.

Tungkol sa may akda: Si Joel C Malabanan ay assistant professor sa Fakulti ng mga Sining at Wika ng PNU. Isa siyang musikero, makata at tumatayong technical adviser ng *The Torch Publications*.

SANGGUNIAN:

Malabanan, Joel C. (2017). Paggamit ng Musikang Makabayan Bilang Lunsaran ng Sikolohiyang Pilipino sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan

